

# KAMATIS

Ang kamatis ay nagtataglay ng bitamina *A* at *C*. Ito ay mataas sa *lycopene*, na isang *anti-oxidant* na lumalaban upang maiwasan ang pagkakaroon ng *cancer* sa katawan ng isang tao. Ito rin ay nagtataglay ng iba't-ibang sustansya tulad ng *Dietary fiber, Beta carotene, Iron, Magnesium, Niacin, Potassium, Phosphorous, Riboflavin* at *Thiamine.*

## PANGANGAILANGAN NG LUPA AT KLIMA

Ang kamatis ay nabubuhay sa mainit na panahon o *dry climate* para magkaroon ng maraming bunga na may magandang kalidad. Ang kailangan ng kamatis ay 21-24°C na temperatura.

Magandang magtanim ng kamatis sa buwan ng Setyembre-Enero sa mga matataas na lugar o bulu-bundukin, samantala tuwing Nobyembre-Pebrero sa mga mababang lugar. Magtanim ng *off-season* sa buwan ng Mayo-September para makuha ang mataas na kita.

Ang kamatis ay tumutubo sa iba't-ibang uri ng lupa tulad ng *sandy loam* o *clay loam* na mataas ang organikong pataba, subalit hindi maaaring itanim sa mga lugar na madalas nalulubog sa baha.

## PAGPILI NG BINHI

Ang kita ng mga nagtatanim ng kamatis ay nakadepende sa dami ng ani, pagtubo sa lokal na kondisyon, at pangangailangan sa pamilihan.

Ang pagpili ng barayti ay nakadepende sa kung saan at paano ito gagamitin.

## PAGHAHANDA NG LUPA

Kung maaari ay ihanda ang lupang taniman ng maaga para mabigyan ng sapat na panahon para mabulok ang damo at pasyok ng nakaraang taniman.

Araruhin at suyurin ang lupa ng dalawa (2) hanggang tatlong (3) beses ng salitan at may pagitan na isang linggo. Araruhin ang lupa na may 15-20cm ang lalim. Suyurin ng dalawang beses para masira ang mga buo-buong lupa at mapatag. Ang pagpino ng lupa ay nakatutulong sa maayos na daloy ng hangin at magandang pagtubo ng mga ugat.

## MULCHING

Ang mulching ay isang paraan upang makontrol ang pagtubo ng damo.

Nakatutulong ito sa pagpapahaba ng pagkamamasa-masa ng lupa o *soil moisture,* naiiwasan ang pagguho ng lupa at pagtagas ng pataba, at nag-*rereflect* ng sikat ng araw upang maitaboy ang mga insekto na nagtatago sa ilalim ng dahon.

## PAGLILIPAT-TANIM

Para sa tag-ulan, gumamit ng isang buwang gulang na punla dahil ito ay matatag, mataas, at kayang tumagal sa ulan.

Maglipat tanim ng punla na may pagitan na 0.5 m ang bawat tundos sa panahon ng tag-araw at 0.75 m sa panahon naman ng tag-ulan. Para sa tag-araw, maglipat-tanim ng 25 araw na gulang ng punla. Maglipat-tanim agad matapos ang pagpapatubig sa tudling o furrow.

## PAGLALAGAY NG PATABA

Ang dami at uri ng pataba na kailangang ilagay sa halaman ay nakadepende sa taba ng lupa o sa nakaraang taniman base sa resulta ng *soil analysis.*

Ang basal na pataba ay mahalaga para makuha ang isang malusog at matibay sa sakit na halaman bago ang pamumulaklak. Ang huli o *late* na pag-aaply ay makapagreresulta ng mahinang halaman at maliit na bunga.

## PAGPAPATUBIG

Patubigan ang mga halaman kung kinakailangan.

Patubigan ang bukid apat (4) hanggang limang (5) beses simula sa pagkakalipat-tanim hanggang 14 araw bago ang huling ani depende sa uri ng lupa.

Ang kamatis ay sensitibong gulay sa pagkababaha, sa ganitong paraan ang pagpapatubig ay ginagawa lang para mabasa lang ang lupa at ugat sa panahon na magsimula ang pamumulaklak hanggang sa pag-aani.

Patubigan ng mabilisan ang mga tudling para maiwasan ang pagguho ng lupa at makatulong sa pagdami ng bunga.

## PAMAMAHALA NG SAKIT AT PESTE

Ang insekto at mga sakit ay nakapagpapababa ng ani ng kamatis kapag hindi napamahalaan ng maayos.

Ang mga karaniwang insekto ng kamatis ay thrips, whiteflies, at fruitworm. Ang pangkaraniwang sakit ng kamatis ay mosaic virus, bacterial wilt, at nematodes infection.

## PAG-AANI

Ang pag-aani ay nagsisimula sa 55-65 araw matapos itong itanim.

Ang kamatis ay lumalaki sa loob ng humigit -kumulang 100 araw matapos ang lipat-tanim depende sa barayti at pamamahalang ginawa.

Ang unang pagkakaroon ng bunga *(first priming)* ay simula 50-60 matapos ilipat-tanim o 15-20 araw simula mamulaklak.

Ito'y hango sa ginawang babasahin ng Department of Agriculture—Agricultural Training Institute.
Inihanda ng Provincial Government of Camarines Norte sa
pamamagitan ng Office of the Provincial Agriculturist.
Provincial Capitol Building, Daet, Camarines Norte
Tel. No.: (054) 721-0291
Email: opagcamnorte@yahoo.com / opagcamsnorte@gmail.com
Facebook: OPAg Camarines Norte
Website: https://opagcamnorte.com